

Bill of Rights ng Pasyente

Bilang isang pasyente, miyembro ng pamilya, kapalit na gumagawa ng desisyon o tagapag-alaga, may karapatan kang asahan na ang bawat empleyado ng Kalusugan saBahay ng Ontario, miyembro ng Lupon at nakakontratang tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan ay dapat igalang at itaguyod ang iyong mga karapatan tulad ng sumusunod:

1. Na tratuhin sa isang magalang na paraan at maging malaya sa pisikal, sekswal, pangkaisipan, emosyonal, berbal at pinansiyal na pang-aabuso.
2. Na tratuhin sa isang paraan na iginagalang ang iyong dignidad at pagkapribado, at na nagtataguyod ng iyong awtonomiya at pakikilahok sa paggawa ng desisyon.
3. Na tratuhin sa paraang kumikilala sa iyong pagkatao at sensitibo at tumutugon sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan, kabilang ang mga kagustuhan batay sa mga kadahilanang etniko, espirituwal, lingguwistiko, pampamilya at kultura.
4. Na makatanggap ng mga serbisyo ng pangangalaga sa tahanan at komunidad na walang diskriminasyon ayon sa Alituntunin ng mga Karapatang Pantao o sa Charter ng mga Karapatan at Kalayaan ng Canada (Human Rights Code or the Canadian Charter of Rights and Freedoms).
5. Ang isang pasyente na First Nations, Métis o Inuk ay may karapatang makatanggap ng mga serbisyo ng pangangalaga sa tahanan at komunidad sa paraang ligtas sa kultura.
6. Na makatanggap ng malinaw na impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyo ng pangangalaga sa tahanan at komunidad sa isang pormat na naa-access mo.
7. Na makilahok sa pagtatasa at muling pagtatasa ng iyong mga pangangailangan, gayundin sa pagbuo at pagbabago ng iyong plano sa pangangalaga.
8. Na magtalaga ng isang tao na kasama mo sa panahon ng mga pagtatasa, at lumahok sa pagbubuo, pagsusuri at mga pagbabago ng iyong plano sa pangangalaga.
9. Na makatanggap ng tulong sa pag-aayos ng iyong mga serbisyo.
10. Na magbigay o tumanggi ng pahintulot sa pagkakaloob ng anumang serbisyo sa pangangalaga sa tahanan at komunidad.
11. Na maghain ng mga alalahanin o magrekomenda ng mga pagbabagong nauugnay sa mga serbisyong natatanggap mo, at sa mga patakaran at mga desisyon na nakakaapekto sa iyong mga interes, nang walang takot sa panghihimasok, pamimilit, diskriminasyon o paghihiganti.
12. Na mabigyan ng kaalaman tungkol sa mga batas, mga tuntunin at mga patakaran na nakakaapekto sa paghahatid ng mga serbisyo ng pangangalaga sa tahanan at komunidad, kasama ang Panukalang-batas ng Pasyente na ito, at maabisuhan, sa pagsulat, ng mga pamamaraan para sa pagsisimula ng mga reklamo tungkol sa mga serbisyong natatanggap mo.